# SALMONG TUGUNAN

## Salmo 97:1.2-3ab.3kd-4.5-6

### Kapistahan ng Panginoong Hesus ang Banal na Sanggol

*musika ni Fr. Gboi a. Samonte*




KA- HIT SA-A'Y NA-MA-MA-LAS TA- GUM-PAY NG NAG-LI- LIG- TAS.




1. Umawit ng bagong awit at sa Poon ay i- a- lay, pagka't yaong ginawa n'ya ay kahanga-han-gang tu-nay!
2. Ang tagumpay niyang ito'y siya na rin ang nag-ha-yag, sa harap ng mga bansa'y nahayag ang pag-li-lig-tas
3. Tapat siya sa kanila at ang pag-ibig ay wa-gas. Ang tagumpay ng ating Diyos kahit saan ay na-ma-las!
4. Sa saliw ng mga lira iparinig ya-ong tug-tog, at ang Poon ay purihin ng tugtuging-ma-a-lin-dog




1. Sa sariling lakas niya at taglay na ka-ba-na-lan, walang hirap na natamo yaong hangad na ta-gum-pay
2. Ang pangako ng Is- ra-el, lubos niyang ti-nu-tu-pad
3. Magkaingay na may galak, yaong lahat sa da-ig-dig, ang Poon ay buong galak na purihin sa pag-a-wit!
4. Tugtugin din mga trompeta na kasaliw ang tam-bu-li, magkaingay sa harapan ng Poon na a-ting ha-ri.